LEVEL 3

# Leveled Reader
## in Filipino

# Mga Bayani sa Komunidad




Kuwento ni Maria Beatriz Davalos
Inedit ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Hannah Manaligod



*Junior Reporter.* Iyon ang tawag kina Alan at Erika, at sa lahat ng miyembro ng Bantay Balita. Masayang-masaya ang magkaibigan tuwing naririnig ang tawag na ‘yon sa kanila. Pangarap kasi nilang maging mamamahayag paglaki nila.

Isang linggo na rin ang nakalilipas nang maging bahagi sila ng pahayagan sa kanilang paaralan. Tuwing Biyernes, mayroong miting ang Bantay Balita. Doon nila pinag-uusapan ang kanilang mga gagawin para sa isyung ilalabas ng kanilang grupo.

“Alan, paano ba ‘yan? Ano’ng isusulat natin?” tanong ni Erika.

Magka-partner sina Alan at Erika sa pagsusulat.

Pinasusulat sila ng kanilang gurong-tagapayo na si Gng. Serna ng artikulo tungkol sa mga bayaning Pilipino.

“Ayokong magsulat tungkol kay Rizal o kay Bonifacio kasi ‘yun ang inaasahan ng lahat,” sabi ni Erika.

“Tungkol na lang sa magsasaka ang isulat natin,” biro ni Alan na hindi matigil sa kakatawa.

Sandaling nag-isip si Erika at pagkatapos sinabing, “Puwede … ”



“Uy, *joke* lang ‘yon!” sabi ni Alan.

“Hindi nga. Puwede nga ‘yon,” sabi ni Erika na nagsisimula nang mag-isip kung ano ang gagawin.

“E, bakit naman magsasaka? Hindi naman sila bayani,” pagtutol ni Alan.

“Hala ka, Alan! Isusumbong kita sa Lola mo. Sasabihin ko ‘yang sinabi mo,” sabi ni Erika na may pananakot sa boses.

“Uy, huwag naman. Grabe naman ‘to. Sige, kapag sinumbong mo ako, sasabihin ko sa nanay mo na binibigay mo ‘yang huling isda ng tatay mo sa pusa n’yo,” ganting pananakot ni Alan.

“Joke lang. Bakit naman kita isusumbong bespren?

Hehe!” naka-*peace sign* na sabi ni Erika. “Pero, seryoso na. Magsasaka na lang ang gawin nating paksa.”

“Sige na nga, pero paano? Ano’ng isusulat natin?” tanong ni Alan.




"Walang pagkain kung walang  magsasaka! Sila ang bumubuhay sa atin. 'Yon ang isusulat natin," malakas na sabi ni Erika.

"Ang drama naman ng sinasabi mo! Wala talagang pagkain? Hindi lang naman bigas ang pagkain, a?" sabi ni Alan.

"Grabe ka, Alan! Parang hindi ka apo ng magsasaka. Hindi lang naman palay ang tinatanim nila. Nagtatanim din sila ng gulay at prutas. Di ba nga, nagtatanim din si Lolo Rudy ng mais at mani?" sabi ni Erika.

"Siyempre, alam ko. Ang ibig kong sabihin hindi lang naman sa mga magsasaka galing ang pagkain.

Marami kayang nabibiling pagkain sa *grocery*," pangangatwiran ni Alan.

"Nood ka kasi nang nood ng TV at hindi ka nakikinig sa mga kuwento ni Lolo Rudy. Hindi mo tuloy alam ang sinasabi ko," pagsesermon ni Erika.



“Uy, nakikinig ako ha!” sabi ni Alan.

“Talaga? E, bakit hindi mo alam na ang mga sangkap ng pagkaing ginagawa sa pabrika at binibenta sa grocery ay galing din sa pagsasaka?” tanong ni Erika.

“A, kasi ... ano,” paputol-putol na sagot ni Alan.

“Naku, mamaya na nga natin pag-usapan ‘yan. Kailangan nating magplano,” pagtatapos ni Erika sa kanilang debate.

Inisa-isa ni Erika ang mga hakbang sa naisip na plano habang sinusulat naman ni Alan ang mga ito. Isang linggo lang ang binigay na panahon sa kanila ni Gng. Serna para maisulat ang kanilang artikulo kaya kailangan nilang magmadali sa pagkuha ng impormasyon.

Matapos magplano, nagmamadaling umuwi ang magkaibigan. Dumiretso si Erika sa kanilang bahay, samantala dumaan muna si Alan sa bukid. Kakausapin niya ang kaniyang Lolo Rudy.

## Skill Builder

A. Maglista ng mga salitang-kilos mula sa kuwento.

1) ______________________________

2) ______________________________

3) ______________________________

4) ______________________________

5) ______________________________

**B.** Pumili ng tatlong salitang-kilos mula sa inyong listahan at gamitin ang mga ito sa pangungusap.

1) ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

2) ______________________________

______________________________

______________________________


______________________________

3) ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________



Sabado nang umaga, naghanda na ang magkaibigan sa kanilang interbyu. Buong umagang naglista sina Alan at Erika ng mga tanong nila para kay Lolo Rudy. Pagkatapos, pinag-usapan nila ang kanilang gawain. Napagkasunduan ng dalawa na si Erika ang magtatanong at si Alan naman ang magsusulat ng mga sagot.

Mahigit dalawang oras ang itinagal ng panayam nina Erika't Alan kay Lola Rudy. Heto ang kanilang naging pag-uusap:

**Erika:** Lola, ilang taon na po kayong nagsasaka?

**Lolo Rudy:** Animnapung taon na akong nagsasaka. Walo o siyam na taon ako noong una akong isama ng Tatang ko sa bukid. Naaalala ko, mga ganitong panahon 'yon. Tama! Hunyo noon at dinala ako ni Tatang sa tubigan para tulungan siyang ihanda 'yon sa pagtatanim.

**Erika:** Ano po yung tubigan, Lolo?



**Lolo Rudy: Tubigan** ang tawag sa lupang pinagtataniman ng palay. Nagmula sa salitang tubig ang salitang 'yon. Nilalagyan kasi ng tubig ang bukid kapag palay ang itatanim. Kailangan kasi ng palay ng sapat na tubig para tumubo at lumago. Kaya nga, may irigasyon din ang mga taniman.

**Erika:** Irigasyon? Ano po 'yon?

**Lolo Rudy: Irigasyon** ang tawag sa artipisyal na pinagkukunan ng tubig na kailangan ng mga pananim.

**Erika:** E, saan po galing yung tubig nun?

**Lolo Rudy:** Karaniwang nanggagaling sa malapit na ilog o batis ang tubig na ginagamit sa irigasyon. Minsan, galing ang tubig sa dam tulad ng sa Pampanga at Bulacan.

**Alan:** A, alam ko po yung dam. Di po ba,'yon ang imbakan natin ng tubig? May malaking harang po sa paligid ng ilog na pumipigil sa pag-agos ng tubig.



**Lolo Rudy:** Aba! Tama ka, apo.

**Erika:** E, Lolo, ano po pala'ng ginagawa n'yo kapag nasa bukid kayo?

**Lolo Rudy:** Naku, marami. Una na roon ang pag-aararo.

**Erika:** Ano nga po uli 'yon?

**Lolo Rudy:** 'Yon ang paraan ng pagbubungkal ng lupa gamit ang araro na hila ng kalabaw.

**Alan:** 'Lo, e, ang hirap naman pong mga ginagawa n'yo. Di po ba, hindi lang naman pag-aararo ang ginagawa n'yo?

**Lolo Rudy:** Oo, apo! Maliban sa pag-aararo, kailangan ko rin ihanda ang mga punlang itatanim, silipin ang mga pananim habang hinihintay itong lumago, at anihin ang mga ito pagkatapos.

**Alan:** E, kung mahirap po, bakit ginagawa n'yo pa rin? Bakit hindi na lang po kayo tumulad kina Mama at Papa na nagtatrabaho sa ibang bansa?



Hindi namalayan ni Alan na siya na pala ang nagtatanong kay Lolo Rudy. Si Erika naman ay nakangiting nakikinig sa kaibigan at kay Lolo Rudy.

**Lolo Rudy:** Mahirap man paniwalaan pero mahal ko ang lupa natin. Alam mo bang minana ko pa ang bukid sa tatay ko na minana naman niya sa tatay niya? Dito na rin ako lumaki. Kayo kung tutuusin, masasabi ko'ng bukid natin ang saksi sa kasaysayan ng ating pamilya.

**Alan:** Pero mahirap pong yumaman sa pagsasaka, di po ba?

**Lolo Rudy:** Tama ka, apo, pero masaya ako tuwing naiisip ko kung paano ako, kahit sa maliit na paraan, nakatutulong sa mga kapuwa ko Pilipino.

**Alan:** Paano naman po kayo nakatutulong?

**Lolo Rudy:** Siyempre, kapag may palay, may bigas. Kapag may bigas, may kanin!



Kasalukuyang nagmemeryenda sina Alan at Erika. Katatapos lang kasi ng kanilang interbyu. Si Lolo Rudy naman ay sumaglit sa bukid para daw tingnan ang katatanim  pa lang na palay.

“Di ba, dapat ako ang magtatanong kanina? Ano’ng nangyari?” tanong ni Erika sa kaibigan.

“Hindi ko alam. Basta na lang lumabas ang mga iyon sa bibig ko,” mahinang tugon ni Alan.

“Okey. E, bakit ang tahimik mo?” patuloy na pangungulit ni Erika.

“Naalala ko lang yung mga sinabi ni Lolo. Tama ka pala. Bayani nga ang mga magsasaka,” sabi ni Alan.


“Haha! Tama talaga ako ... Oy, teka, saan ka pupunta?” tanong ni Erika kay Alan na papasok ng bahay.

“Kukuha ng papel at bolpen. Magsulat na tayo,” sagot ni Alan.

“Sige. A, kakainin mo pa ba itong biko mo? Puwede akin na lang?” malakas na tanong ni Erika.

## Skill Builder

A. Maglista ng limang salita mula sa kuwento na may kaugnayan sa salitang nasa dayagram.




B. Pumili ng tatlong salita mula sa inyong sagot at isulat ang kahulugan ng mga ito sa espasyo sa ibaba.

1) ________________:

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

2) ________________:

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

3) ________________:

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

## Ikatlong Bahagi




Nasa tapat ng bahay nina Erika si Alan at naghihintay na lumabas ang kaniyang kaibigan. May panayam sila sa tatay ni Erika ngayong umaga. Napagkasunduan kasi ng magkaibigan na tungkol naman sa mangingisda ang susunod nilang artikulo.

“Erikaaaaaa! Erikaaaaa!” malakas na tawag ni Alan.

“Pssst! Bakit ka ba sumisigaw diyan? Ang ingay mo!” pabulong na saway ni Erika. Nakadungaw ito sa isa sa mga bintana ng bahay nila.

“Teka, bakit ka bumubulong diyan?” tanong ni Alan na ginaya ang tono ni Erika.

“Natutulog kasi si Tatay. Kauuwi lang niya galing laot,” paliwanag ni Erika.

“Ganoon? E, paano na yung interbyu natin?” tanong ni Alan.

“Mamaya na lang paggising niya,” sagot ni Erika. “Ha? E, ano’ng gagawin natin habang naghihintay?” namomroblemang tanong ni Alan.



Kailangan nating maglista ng mga itatanong natin," sagot ni Erika.

"Sandali, puwede ba lumabas ka na diyan? Sumasakit na ang leeg ko kakatingala," sabi ni Alan na may pahawak-hawak pa sa kaniyang leeg.

"Ay, oo nga," natatawang sabi ni Erika.

Paglabas ng bahay, agad na dinala ni Erika si Alan sa kubo sa likod bahay. Doon madalas gumagawa ng proyekto at takdang-aralin  ang magkaibigan. At tulad ng nakasanayan, kaniya-kaniyang salampak sa sahig ang dalawa.

"O, ano na'ng gagawin natin?" tanong uli ni Alan.

"Isulat muna natin ang mga bagay na alam natin sa pangingisda. Pagkatapos basahin natin sa isa't isa ang mga sinulat natin. Okey ba 'yon?" sabi ni Erika.

"Okey. Pero pahiram muna ng lapis," sabi ni Alan.



Sinulat ng magkaibigan sa malinis na papel ang mga ideya nila tungkol sa mangingisda. Nauna matapos si Alan sa pagsusulat. Habang naghihintay sa kaibigan, hindi napigilan ni Alan tanungin si Erika tungkol sa tatay nitong si Mang Abel.

“Erika, bakit tuwing umaga natutulog si Mang Abel?” tanong ni Alan.

“Kasi tuwing gabi siya nangingisda,” sagot naman ni Erika na patuloy pa rin sa pagsusulat.

“Sa gabi lang ba siya puwede mangisda? Hindi ba siya puwede mangisda sa umaga?” tanong uli ni Alan.

“Sabi ni Tatay, mas madaling makahuli ng isda tuwing gabi. Naaakit daw kasi ang mga isda sa ilaw ng mga lamparang gamit ng mga mangingisda,” paliwanag ni Erika.

“A, ganoon pala yun. Akala ko kasi kaya ganoon dahil tuwing umaga namamalengke ang mga nanay natin,” sabi ni Alan sabay tawa.



“Hahahahaha!” hindi mapigilang tawa ni Erika.

Natawa ang magkaibigan dahil naisip nila ang mga nanay nila na minsan ay sabay pang mamalengke sa umaga. Natigil na lamang sila sa hagikhikan nang marinig nila ang boses ng nanay ni Erika mula sa loob ng bahay.

“Erika! Alan! Kakain na. Pumasok na kayo rito,” tawag ni Aling Susan.

“Opo!” sabay na sagot ng magkaibigan.

Mabilis na inayos nina Alan at Erika ang kanilang mga gamit at pagkatapos ay agad na pumasok sa bahay. Pagpasok ng dalawa sa kusina, nagulat sila sa dami ng pagkain sa hapag-kainan. Mayroong inihaw na isda, ginataang alimango, at halabos na hipon. Mayroon ding ensaladang labanos at saging na panghimagas.

“Wow! Ang daming pagkain. Kaarawan n’yo po ba Aling Susan?” tanong ni Alan.

Maglista ng tatlong pang-abay mula sa kuwento.
Pagkatapos, gamitin ang mga ito sa pangungusap.

1) ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

2) ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

3) ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## Ikaapat na Bahagi



"Naku, malayo pa ang kaarawan ko," natatawang sagot ni Aling Susan.

"E, 'Nay, bakit ang dami pong pagkain?" tanong naman ni Erika.

"Marami kasing huli ang tatay mo kayo ayan marami tayong ulam," nakangiting tugon ni Aling Susan.

"A ... ," sabay na sabi ng magkaibigan at pagkatapos ay isa-isang tinitigan ang mga pagkain sa mesa.

"Puwede na bang kumain?" bulong kay Erika ng natatakam na si Alan.

Mahinang siniko ni Erika si Alan at saka tinanong ang ina, "'Nay, gising na po ba si Tatay?" tanong ni Erika.

"Oo! Nandito na sa likod n'yo," sabi ng isang lalaking may malalim na boses.

" 'Tay! Yehey, gising na po kayo! Makakapag interbyu na kami!" masayang sambit ni Erika.

"Hep, hep, hep! Sandali, kumain muna tayo," nakangiting sabi ni Mang Abel.



Matapos ang pananghalian, walang sinayang na sandali ang magkaibigan. Kauupo pa lang nina Erika, Alan, at Mang Abel sa kubo sa likod bahay, agad na nilang sinimulan ang panayam.

Heto at basahin natin ang kanilang naging pag-uusap.

**Alan:** Gaano na po kayo katagal nangingisda?


**Mang Abel:** Limampung taon na akong nangingisda.

**Erika:** Si Tatay talaga, o! Paano po nangyari 'yon? E, ang bata n'yo pa po.

**Mang Abel:** Haha! Biro lang. Ito talagang anak ko, o, di na mabiro. Siguro mga labindalawang taon na akong nangingisda.

**Alan:** Ano-ano po 'yang ginagawa ng isang mangingisda?

**Mang Abel:** Siyempre, nanghuhuli kami ng isda at iba pang lamang-dagat. Ipinagbibili namin ang aming huli sa palengke.



**Erika:** Paano po kayo nangingisda? Ano-ano po ang mga ginagamit n'yo sa pangingisda?


**Mang Abel:** May iba't ibang pamamaraan ng pangingisda. Ilan sa mga ito ay ang paggamit ng lambat at pamingwit.

**Alan:** Di po ba iyon ang madalas ninyong ginagamit sa pangingisda?

**Erika:** Madalas ko nga po kayong nakikitang dala-dala ang mga 'yon. Di ba nga po, gawa sa pinagtali-taling lubid ang lambat? Tapos, 'yong pamingwit naman po ay gawa sa pisi na nakatali sa isang mahabang kahoy. Di ba, may kawit pa po 'yon sa dulo?

**Mang Abel:** Tama ka, anak. Madalas nga na 'yon ang gamit ko sa pangingisda. At tama ka uli. Gawa nga sa mga binanggit mong materyales ang mga 'yon. Pero hindi lang lambat at pamingwit ang ginagamit ko, ha. Gumagamit din ako ng kawil.

**Alan:** Ano po ang kawil?




**Mang Abel: Ang kawil** ay isang mahabang pisi na may kawit sa dulo. Para itong pamingwit na walang mahabang kahoy. Tulad ng sa pamingwit, nilalagay sa dulo nito ang pain para sa mga isda. Pagkatapos, inilulubog ito sa tubig.

**Erika:** Mahirap po bang mangisda?

**Mang Abel:** Lahat ng trabaho, may kaakibat na hirap at sakripisyo. Halimbawa, sa pangingisda, kailangan mo ng tiyaga at mahabang pasensiya. Kailangan mong maghintay ng ilang oras sa gitna ng dagat bago ka makahuli. May pagkakataon pa na uuwi ka nang walang huli.

**Erika:** Siyempre kung wala kang huli, wala kang maibebenta sa palengke. Kung wala kang benta, wala kang kita.

**Alan:** Bakit naman po mawawalan ng isda?




**Mang Abel:** May mga araw na ganoon. Naku, lalo na kapag masungit ang panahon! Hindi ka talaga makakapangisda.

**Erika:** E, bakit mangingisda pa rin po kayo kung mahirap po pala?

**Mang Abel:** Gusto ko kasi talaga ang trabahong ito. Kahit mahirap, masaya naman aka. Kaya nga noong kolehiyo, kumuha ako ng kursong *Fisheries* para madagdagan ang kaalaman ko sa pangingisda.

**Erika:** Ang galing ninyo, 'Tay! O sige po, alam po namin na gusto na ninyong magpahinga ngayong hapon.

**Alan:** Maraming salamat po!

Matapos ang panayam, agad na umalis si Mang Abel. Samantala, naiwan naman ang magkaibigan sa kubo at tahimik na binabasa ang impormasyong nakuha. Handa na silang magsulat ng kuwento tungkol sa isa pang bayani sa komunidad.

**Gawain:** Maglista ng mga bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng panlapi sa unahan, gitna, at hulihan ng salitang-ugat:

Halimbawa: **salitang-ugat:** sigaw
**Pagdagdag ng unlapi:** **i**sigaw
**Pagdagdag ng gitlapi:** s**um**igaw
**Pagdagdag ng hulapi:** sigaw**an**

Isulat ang mga nabuong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng panlapi sa unahan, gitna, at hulihan.

| Salitang-ugat | Pagdagdag ng unlapi | Pagdagdag ng gitlapi | Pagdagdag ng hulapi |
|---|---|---|---|
| bulong | | | |
| hintay | | | |
| labas | | | |
| sanay | | | |
| hiram | | | |
| ihaw | | | |
| handa | | | |
| takot | | | |
| sagot | | | |
| tigil | | | |

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation